Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 138-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPAHINLUTAN AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD AT NG DEVELOPMENT BANK OF THE PHILIPPINES (DBP) - MALOLOS BRANCH PARA SA PAGLALAGAY NG OFFSITE DBP AUTOMATED TELLERING MACHINE (ATM) SA CITY OF MALOLOS GOVERNMENT CENTER COMPOUND, MCARTHUR HIGHWAY, BARANGAY BULIHAN, LUNGSOD NG MALOLOS UPANG MAKAPAGBIGAY SERBISYO SA MGA KAWANI NG PAMAHALAAN AT IBA PANG LUGAR NA NASASAKUPAN.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA SINA: NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, lumiham sa mabunying Sangguniang Panlungsod ang butihing Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian, na magalang na itinutuloy ang kahilingan ng Development Bank of the Philippines (DBP) para sa operasyon ng DBP Automated Tellering Machine (ATM) sa bagong Bahay Pamahalaan ng Pamahalaang Panlungsod;

SAPAGKAT, nangangailangan ng bagong kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ng Development Bank of the Philippines (DBP) para makapaglagay ng offsite DBP Automated Tellering Machine (ATM) booth sa bagong tahanan na lilipatan;

SAPAGKAT, ang nasabing kasunduan para sa operasyon ng DBP Automated Tellering Machine (ATM) sa bagong Gusali ng Pamahalaang Panlungsod ay malaking tulong para sa mga kawani, kliyente at mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang nasabing usapin ay nangangailangan ng kagyat na hakbangin mula sa Sangguniang Panlungsod ng Malolos kung kaya't pinagtibay ito sa ginanap na Pangkaraniwang Pagpupulong;

SAPAGKAT, ayon sa itinatadhana ng Seksyon 22 (c) ng Batas Republika 7160 o mas kilala bilang "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas" ay may kapangyarihan ang Punong Ehekutibo na katawanin ang isang Pamahalaang Lokal sa isang kasunduan o kontrata na may kaukulang otorisasyon buhat sa kinauukulang Sanggunian;

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya na nagbibigay kapahinlutan at kapangyarihan sa Punong Lungsod Igg. Gilbert T. Gatchalian na makapasok at makalagda sa isang kasunduan (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at ng Development Bank of the Philippines (DBP)-Malolos Plaza Branch para sa paglalagay ng offsite DBP Automated Tellering Machine (ATM) sa City of Malolos Government Center Compound, McArthur Highway, Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos upang makapagbigay serbisyo sa mga kawani ng pamahalaan at iba pang lugar na nasasakupan.

IPINASIYA PA RIN, na ang ATM ay ilalagak o' ilalagay sa kaliwang bahagi ng Unang Palapag ng Bagong Gusaling Pampamahalaan ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06292020